7

# Learning Activity Sheet sa FILIPINO
# Kuwarter 4- Linggo 3- MELC 8 & 9

## ANG MULING PAGTATAKSIL NG DALAWANG PRINSIPE AT ANG PAGKATAGPO NG PAG-IBIG SA BUNDOK ARMENYA

### SAKNONG 400- 650



REHIYON VI- KANLURANG VISAYAS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**FILIPINO 7**
**Learning Activity Sheet (LAS) Week 3 MELC 8&9**
**Ang Muling Pagtataksil ng Dalawang Prinsipe at ang Pagkatagpo ng Pag-ibig sa Bundok Armenya**

Inilimbag sa Pilipinas
Ng Kagawaran ng Edukasyon,
Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **Batas Republika 8293, seksiyon 176** na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng gawain kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang **Filipino 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 .- Kanlurang Visayas,

**Walang bahagi ng aklat** na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Learning Activity Sheet – Filipino 7**

**Mga Manunulat:** Jean Mary A. Barcibal
**Editor:** Gerryl The A. Jaena
**Tagasuri:** Grace J. Fuentes, Rona F. de la Torre
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** Charmly C. Ahunin, Mara Jamaica B. Floreno

**Division of CADIZ CITY Management Team:**
Ma. Lorlinie M. Ortillo
May P. Pascual
Gerryl The A. Jaena
Rona F. de la Torre

**Regional Management Team:**
Ramir B. Uytico
Pedro T. Escobarte, Jr.
Elena P. Gonzaga
Donald T. Genine

## *Pambungad na Mensahe*

**MABUHAY!**

Ang **Filipino 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Dibisyon ng Lungsod ng Cadiz sa ng Kagawaran ng Edukasyon, Region 6 – Kanlurang Visayas sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Division (CLMD). Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng **LAS** na ito na gabayan ang ating mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

Para sa mga learning facilitator:

Ang **Filipino 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

Bilang mga learning facilitator, siguraduhing naging malinaw ang mga panuto sa mga gawaing iniatas sa kanila. Inaasahan din na patuloy nating masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral (learner’s progress).

Para sa mga mag-aaral:

Ang **Filipino 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit na wala ka ngayon sa iyong paaralan. Pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto ng bawat gawain.

# Learning Activity Sheet 4

Pangalan ng Mag-aaral: ________________________Taon at Pangkat: ___________
Petsa: ___________________

# LEARNING ACTIVITY SHEET
## ANG MULING PAGTATAKSIL NG DALAWANG PRINSIPE AT ANG PAGKATAGPO NG PAG-IBIG SA BUNDOK ARMENYA

## I. KASANAYANG PAMPAGKATUTO AT KODA

- Naiuugnay sa sariling karanasan ang mga karanasang nabanggit sa binasa. **F7PB-Ivc-d-22**

- Nasusuri ang damdaming namamayani sa mga tauhan sa pinanood na dulang pantelebisyon/ pampelikula. **F7PD-IVc-d-19**

## II. PANIMULA (SUSING KONSEPTO)

### ANG MULING PAGKAPAHAMAK NI DON JUAN
### SAKNONG 400-440

400
Nanumbalik ang liwanag
na sa palasyo'y tumakas:
hari at reynang marilag
may ngiti nang masasarap.
401
At ang tatlong magkakapatid
sa dati ring pagniniig
pasunura'y may di nag-alit
bahagya ma'y di nag-alit
402
Muling ipinagpatuloy
ng hari ang panunungkol
kaharia'y mahinaho't
ang lahat ay umaayon
403
Buha't nang siya'y gumaling
ang Adarna'y naging aliw
oras-oras kung dalawi't
parang bata kung laruin
404
At sa kanyang pagmamahal
pati reyna'y namamaang,
kung ang ibo'y tao lamang
pagseselos ay naglatang.

414
Kapatid na pangalawa'y
niyayang magsabay sila
ng pagtanod sa Adarna't
magsabay ring mamahinga.
415
Si Don Diego ay nagtanong:
"Sasabay ba ako ngayon?
Mamaya'y sino kung gayon
ang magbabantay sa ibon?"
416
Kay Don Diegong kasaguta'y
"Gisingin mo si Don Juan
pagdating dito ay iwa't
huwag na siyang palitan."
417
"At paano naman siya
tatanod nang makalawa?"
"Huwag ka lang mag-alala't
bukas tayo magkikita."
418
Ang dalawa'y nagkasundo,
sila'y nagtabi sa upo;
sa k'wentuha't mga biro
tumutugtog ang ikasampu.

428
Nang magising yaong hari
araw'y masaya ang ngiti,
pagbangon ay dali-daling
ibon ang kinaurali.
429
Gaano ang panginginig ,
mga mata'y nanlilisik
nang sa hawla'y di mamasid
Adarnang saya ng dibdib.
430
Nagngangalit na tinawag
ang tatlong prinsipeng anak,
dadalawa ang humarap
kapwa hindi nangapuyat
431
Ang dalawa'y binantaang
huwag  siyang paglihiman,
sagot nila'y "Ama, ewan,
ang bantay po'y si Don Juan."
432
Ipinahanap ang bunso,
ngunit saan sya' nagtungo?
matagal nang nakalayo,
di sa hangad na magtago.

405
Sa sarili'y di nagkasya
ng pagdalaw sa Adarna
naisipang pag gabi na
pabantayan nang hawla
406
Di sa iba ibinigay
ang ganitong katungkulan,
baka anya pabayaang
makawala o mamatay.
407
Hinirang ang tatlong anak
at nagbanta nang marahas
"Ang sa inyo ay magsukab
sa akin ay magbabayad."
408
Nakatakda sa utos
ang gawaing pagtatanod;
ang tatlo ay sunod-sunod,
sa magdamag walang tulog.
409
Tatlong hati sa magdamag
bawat isa'y tatlong oras;
para nilang hinahatak
ang gabi sa pagliwanag
410
Ang panaho'y pumapanaw
araw ay di mapigilan,
ang tatlo sa halinhina'y
panatag sa katungkulan

411
Subalit O! Yaong inggit,
sawang maamo'y bumabangis!
Pag biglaang maging sakim
panginoo'y nililingkis.
412
Si Don Pedrong pinatawad
sa gawaing di mararapat,
sa sarili'y naging galak
kapatid ay ipahamak!
413
Naisipan isang gabi
sa kanyang pagsasarili,
kahihiyan ng sarili
lihim na ipaghiganti.

419
Ginising na si Don Juan
sa tulog na kasarapan,
di man oras ng pagbantay
nagbigay na sa pumukaw.
420
Sa silid ay lumabas na
bagaman nag-aantok pa,
at hiniling sa dalawang
palitan siyang maaga.
421
Palibhasa'y nahirapan
nang mga gabing sinundan,
mga mata ma'y tukuran
antok din ay di mapigilan
422
Bakit ba nang gabing yao'y
pagkasarap pa ng simoy,
ang prinsipe'y napalulong
matulog nang mahinahon.
423
Walang kaba kamunti mang
humilig na sa upuan,
himbing niya'y gayon lamang
nang magmamadaling-araw.
424
Lumapit na ang dalawa't
pinawalan ang Adarna,
kaya't nang magising siya
takot agad ang nadama.
425
Di takot sa kagalitan
o parusa ng magulang,
kundi pa'nong matatakpan
ang nangyaring kataksilan .
426
Noon niya napagsukat
ang sa tao palang palad
magtiwala ay mahirap
daan ng pagkapahamak.
427
Bago mitak ang umaga
si Don Jua'y umalis na
wika'y "Ito ang maganda,
natatago ang may sala."

433
Saka bakit hahanapin
sa kaharap yaong taksil?
Itong anak na suwail,
at isang ngang sinungaling.
434
Umalis na ang dalawang
nagmamagaling sa ama,
ang pangako'y pag nakita
iuuwi't nang magdusa.
435
Mga bukid, burol, bundok,
bawat dako'y hinalughog.
lakad nila'y walang lagot,
sinisipat bawat tumok.
436
Wala, wala si Don Juan,
napagod na ang pananaw...
"Siya kaya'y napasaa't
hindi natin matagpuan?"
437
Lakad, tanaw, silip, sipat
Sa kahuyan at talampas,
Sa kanilang kahahanap
nangapagod at namayat.
438
Gayunpama'y patuloy rin
tulad nila'y mamamansing
nang sa dagat ay alatin.
Walang huli'y naroon din.
439
Ngunit sila'y may matuwid
Na huwag munang magbalik
Kung ang bawat pagsasakit
Di man dapat ay may langit.
440
At tunay ngang nagtagumpay
ang tiyagang pinuhunan;
nakita rin si Don Juan
sa Armenyang kabundukan.

**SA BUNDOK ARMENYA**
**SAKNONG 441-476**

441
Itong bundok ng Armenya'y
Isang pook na maganda,
naliligid ng lahat nang
tanawing kaaya-aya.
442
Tumutubong punongkahoy
matataba't mayayabong
mga bungang mapupupol
pagkain ng nagugutom
443
Pagbubukang-liwayway na
mga ibon ay may kanta,
maghapunang masasaya't
nadapo sa mga sanga.
444
At kung hapon, sa damuhan
lalo't hindi umuulan,
mga maya, pugo't kalaw
may pandanggo at kumintang.
445
Sa taas ng papawirin,
mga limbas, uwak, lawi'y
makikitang walang tigil
sa palitan ng paggiliw.
446
Sa batisan yaong tubig
pakinggan mo't umaawit
suso't batong magkakapit
may suyuang matatamis.
447
Simo'y namang malalanghap
may pabangong pagkasarap,
langhapin mo't may Pagliyag
ng sampaga at milegwas.
448
Munting bagay na makita
Isang buhay at pagsinta,
Iyong kunin at wala kang
Maririnig na pagmura.
449
Doo'y payapa ang buhay
malayo ka sa ligamgam
sa tuwina'y kaulayaw
ang magandang kalikasan.

453
Minarapat na nga niya
ang lumayo't di pakita.
sa hangad na ang may sala
mailigtas sa parusa.
454
Nagkita na't nagkaharap
ang hanap at ang humahanap;
si Don Diego nang mangusap
hiya't takot ang nahayag.
455
Namagitan kapagdaka
si Don Pedro sa dalawa,
si Don Diego'y nayaya
magpanayam na mag-isa.
456
"Ikaw sana'y huwag ganyan,
ang loob mo ay lakasan;
ang takot at kahihiya'y
ipaglihim kay Don Juan.
457
"May lunas na magagawa
kung sa nais y payag ka,
sa akin ipagkatiwala
ang anumang iyong nasa."
458
"Kung ibig mo ay huwag
nangbalikan ang ating ama,
pabayaan nang Berbanya't
dito na tayo tumira.
459
"Sumama na kay Don Juan
tayong tatlo ay magpisan
tumuklas ng kapalaran
sa iba nang kaharian.
460
Naisip ni Don Diegong
mainam ang mga payo,
di man ibig na totoo
umoo na kay Don Pedro.
461
Tinawag na yaong bunso
at niyakap nang masuyo,
"Kami,"anya'y nagkasundong
maglilibang sa malayo

464
Kung siya'y may kahinaang
sukat maging kapintasan,
ang pag-ibig na dalisay
sa kapatid, walang hanggan.
465
Kinatigan ang mungkahi
yamang mabuti ang mithi,
kung wala nang salaghati
saka isiping umuwi.
466
Siya'y walang kalungkutan
sa Armenyang kabundukan,
ang araw ay nagdaraan
sa panay na paglilibang.
467
Kung wala sa mga batis
nasa parang o sa libis
sa batis ay namimingwit
at nangingibon sa bukid.
468
Sa malawak na kahuyan
nangungusa araw-araw,
pagbalik sa tahanan
may pagkain at pang-ulam.
469
Sa mga araw ng Linggo
walang alis silang tatlo
sa kanila namang kubo
may masayang salu-salo.
470
Sila'y mga panginoon
ng lahat ng hayop doon
sa kapatagan at burol
kabuhaya'y mapupupol.
471
Ano pa nga't pagkahusay
ng kanilang kapalaran,
kanila ang kalawakan
ng Ibaba't kataasan.
472
Ano pa ang hahanapin
kung ang hangad lang ay aliw?
ngunit likas na sa ating
ang wala ay paghanapin.

450
Matutulog ka sa gabi
na langit ang nag-iiwi,
sa magdamag ay katabi
ang simoy na may pagkasi.
451
Magigising sa umaga
katawan mo ay masigla,
kausap na tumatawa
ang araw na walang dusa
452
Sa Armenya nga tumahan
ang prinsipeng si Don Juan,
upang doon pagsisihan
ang nagawang pagkukulang.

462
“Ibig nami'y sumama ka
nang mabuo ang ligaya,
sa anumang maging hangga
tayong tatlo'y magkasama.”
463
Sa dibdib ma'y nakapako
ang tinik ng pagkabigo,
ang nanaig din sa kuro'y
hinahon ng kanyang puso.

473
Tayo'y hindi masiyahan
sa abo't na ng pananaw,
iniimbot pa rin naman
ang lahat na ay malaman.
474
Langit man ay mararating
sapilitang aakyatin,
matapos lang yaong lihim
na balot ng salamisim.
475
Ang ganitong paghahaka
ay nasok na biglang-bigla
sa kanilang mga diwa
minsang sila'y walang gawa.
476
Naisipang yaong bundok
na hindi pa napapasok
paglibanga't nang matalos
kung ano ang nasa loob.

**ANG MAHIWAGANG BALON**
**SAKNONG 477-506**

477
Noon din nga ay lumakad
bagaman tanghaling tapat
araw'y pagkatingkad-tingkad
nakapapaso sa balat.
478
Inakyat ang kabatuhan
nang dumating sa ibabaw,
sa gitna ng kasabikan
ay may balong natagpuan.
479
Balo'y lubhang nakaakit
sa kanilang pagmamasid,
malalim ay walang tubig,
sa ibabaw ay may lubid.
480
Ang lalo pang pinagtakha'y
ang nakitang kalinisan,
walang damo't mga sukal
gayong ligid ng halaman.
481
Ang bunganga ay makinis
batong marmol na hinugis
mga lumot sa paligid
mga gintong nakaukit.

487
Si Don Pedro ay humadlang
“Wala ka ring karapatan
pagkat ako ang panganay,
nasa akin ang katwiran.”
488
“Kung gayon,” anang dalawa,
“ikaw ang siyang mauna,
kami nama'y bahala nang
sa balita mo umasa.”
489
Nang ibaba ay nagbiling
ang hawak ay pagbutihin,
at sa oras na tantangin,
sa ibabaw ay batakin.
490
Tatlumpung dipa lamang
ang nababa ng panganay,
lubid agad nang tinantang,
nang umaho'y nananamlay.
491
Tanong agad ng dalawa:
“Narating mo ba ang hangga?
Ano roon ang nakita't
pamumutla mo'y ganyan na?”

497
Sa ganitong pangyayari
Itong bunso'y di makali,
Paniwala ang sariling
Walang hindi mangyayari.
498
Nagtali na niyong lubid
at sa balo'y napasilid,
ang baon sa puso't dibdib
humanga sa masasapit.
499
Patuloy ang paghuhugos
si Don Jua'y walang takot,
maging noon mang mabalot
ng dilim na parang kumot.
500
Malalim na ang narating
ng lubid ay hugos pa rin;
si Don Pedro'y naiiling!
si Don Diego'y naninimdim!
501
Naiiling si Don Pedro
sa kainipang totoo;
naninimdim si Don Diego'y
ang kapatid kung mapano.

482
Kaya mahirap sabihing
balo'y walang nag-aangkin
ngunit saanman tumingin
walang bahay na mapansin
483
Si Don Juan ay nagwika:
"Balong ito'y may hiwaga,
ang mabuting gawin kaya'y
babain nang maunawa
484
"Ngayon din ako'y talian
ibaba nang dahan-dahan,
tali'y huwag bibitawan
hanggangdiko tinatangtang."
485
Wika naman ni Don Diego:
"Ako'y matanda sa iyo,
kaya marapat ay ako
ang ibaba muna ninyo.
486
"Ako ang siyang tatarok
ang hangganan kung maabot,
at doo'y matatalos,
malalaman ninyong lubos."
492
Hintay muna, hintay kayo't
magpuputok ang dibdib ko."
makahingang makaitlo'y
nagkuwento ng ganito:
493
"O, hindi ko natagalan
Ang dilim na bumalabal
Sa sindak at katakutan
Para akong sinasakal!"
494
Si Don Diego ay sumunod
nilakasan man ang loob,
nagbalik din at natakot
sa lalim na di maabot.
495
"Sa amin ay ibalita
kung tapos na ang hiwaga
"Sumagot ding namumutla
ng "Ewan ko . . . wala, wala.
496
"Sa lalim na walang hanggan
Ang takot ko'y nangibabaw
At kung doon ay nagtagal
Mapapatid haring buhay."
502
Samantala, si Don Juan
sa takot ay lumalaban,
pinipilit manganinaw
ang mata sa kadiliman.
503
Habang siya'y lumulubog
lalong ayaw na matakot
matibay sa kanyang loob
na ang dilim ay matalos.
504
Sa sarili'y nawiwikang
"Ano't akin pang ninasa
na tuklasin ang hiwaga
kung hindi rin magagawa?
505
"Anuman ang kasapitan
Ito'y di ko uurungan
ang malaking kabiguan
ay bunga ng karuwagan.
506
"Nasimulan nang gawain
ang marapat ay tapusin,
sa gawing pabinbin-binbin
wala tayong mararating."

## ANG UNANG PAGTIBOK NG PUSO NI DON JUAN
## SAKNONG 507-566

507
At sa kanyang pagsasakit
Lalim ng balo'y narating,
Hindi isang tuyong yungib
Kundi pook na marikit!
508
Buong lupang yayapakan
ay kristal na kumikinang
pook na tago sa araw,
ngunit daig ang may ilaw.
509
Mahalama't mabulaklak
bango'y humahalimuyak
may palasyong kumikislap
na yari sa ginto't pilak.
510
Ang prinsipe, sa paghanga'y
para bang matutulala
At ang sabi: "O, hiwaga...
Ito'y sa engkantong gawa!"
528
"Ang magtaksil? Pagtaksilan
ang buhay ng aking buhay?
Prinsesa kong minamahal,
panahon ang magsasaysay."
529
"Ngayon, ang aking panganib
saan kita ililingid
nang maligtas sa pasakit
ng higanteng sakdal lupit?
530
"Higanteng ito'y siyang ngang
sa akin ay may alaga,
sobrang bagsik, sobrang siba,
taong datna'y sinisila.
531
" Kung datna'y kang kasama ko
galit niya ay susubo
mapanganib ang buhay mo't
baka ikaw ay matalo."
548
Ang prinsipe, kahit pagal
masigla rin ang katawan,
lalo na nang matitigan
ang prinsesang paraluman.
549
At masayang nagpahayag:
"Prinsesa kong nililiyag,
Kung ako man ay naghirap
ikaw naman ang katumbas.
550
"Sukatan na ang ikaw'y akin
Ako nama'y iyong giliw
Maging dusa man at lagim
sa akin ay aliw na rin.
551
"Kaya halika ka na , hirang,
Itong balo'y ating iwan,
Tayo na sa kaharian
Ng aking mga magulang."

511
Lalo siyang nanggilalas
at ang puso ay nabihag
nang tamaan na ng malas
si Donya Juanang marilag
512
Sumisikat na bituin
Sa bughaw na panginorin
nakangiti at magiliw
sapagsabog niyong ningning!
513
“O marilag na Prinsesa,
ang sa araw na ligaya’t
kabanguhan ng sampaga
sa yapak mo’y sumasamba.
514
“Sa matamis na bati mo’y
Nagagalak ang puso ko,
ngunit manghang-mangha ako
sa iyong pagkaparito!”
515
“Ako’y isang pusong aba
na yakap ng pagdurusa,
inihatid ditong kusa
ng pagsinta kong dakila.
516
“Inimbulog sa taas
Sa malago niyang pakpak,
Saka dito inilapag,
Maglingkod sa itong dilag.
517
“Ako’y iyong kaawaan
O prinsesang minamahal,
at kung ito’y kasalanan
sa parusa’y handa naman.”
518
Sa pakiusap, anong lungkot
Ni Don Juang nakaluhod,
Ang prinsesang maalindog
Ay tinablan na pag-irog
519
Sa puso ay naramdamang
ang pagsinta ay namahay,
at ang hanap na bubuhay
ang pagsinta ni Don Juan.
520
Gayunpaman ay tinimpi
ang pagsintang ngumingiti
saka siya nagkunwaring
sa prinsipe’y namumuhi.

532
“Prinsesa kong minamahal,
ang matakot ay di bagay,
manghawak sa kapalara’t
sa Diyos na kalooban.”
533
Di naglipat isang saglit
ng masayang pagniniig
ang higante ay narinig
sa hagdana’y pumapanhik.
534
Tinawag si Donya Juana
nag-apoy yaong mata...
“Amo’y manusya,” anya,
“dito’y may tao kang iba!”
535
Prinsesa’y di nakasagot,
knilabutan sa takot,
higante sa kanyang poot,
sumisigaw parang kulog!
536
At ngumiti nang pakutya,
humalakhak pa sa tuwa:
“Kung may tao’y mabuti nga,
dito’y mayroong masisila!
537
“Di na pala kailangang
mamundok pa o mamarang
dito man sa aking bahay
lumalapit na ang pindang.
538
“Salamat nga’t narito na
sa tiyan kong parang k’weba
ang kaytagal ko nang pita.
ang tatlo man ay kulang pa.”
539
Sa mga kutyang narinig,
Kay Don Jua’y nagpagalit:
“Higante, tikom ang bibig,
Ako’y di mo matitiris.
540
“Kung ikaw man ay kilabot
sa pook mong nasasakop,
sayang iring pamumundok
pag di kita nailugmok.”
541
“At matapang?May lakas pang
tumawad sa aking kaya?
A! pangahas! Ha-ha-ha-ha!
Ngayon mo makikilala

552
“O, Don Juang aking sinisinta
Tunay bang aalis katang
Dito ay maiiwan pa
ang bunsong si Leonora?”
553
“Si Leonora’y kapatid kong
Kaalaman sa balong ito,
naririyan sa palasyong
Dito’y tanaw tanaw mo.
554
“Puntahan mo’t sunduin
Sa ngalan ko ay sabihing
Siya’y parito ngayon din
At ibig kong kausapin.
555
“Ngunit irog, may pangamba
Ang pagsundo mo sa kanya;
May tangkilikin kay Leonora
Ay serpiyenteng palamara.
556
“Ang serpiyente ay matapang,
Sanay s’ya sa pagpatay;
Pitong ulo, maputol man,
Nagdidikit kapagkuwan.
557
“O, Don Juan, laking lunos
Ang sa aki’y lumulunod,
Muli ka pang makihamok
Ay di ko na itutulot.
558
“Pangamba kong masawi ka’t
Pagkaawa kay Leonora,
Kung pa’no kong makakaya?
Laso’t tinik na ewan ba.
559
“Bakit baga yaring buhay
Kaiba sa kapalaran:
Lumigaya’y mamamanglaw,
Mamanglaw ay kamatayan?”
560
Hinagpis ni Donya Juana
Sa prinsipe’y nagpa sigla,
takot ay di nakilala’t
sa disgrasya’y tumalaga.
561
Nagpaalam, at ang wika:
“Prinsesa kong kasi’t mutya,
Yaring buhay kong maaba,
palad ko na ang mawala.”

521
Sa laki ng kalungkutan
ang prinsipe'y nanambitan
"Kung wala kang pagmamahal
patayin mo haring buhay.
522
"Ano pa yaring  halaga
kung sawi rin sa pagsinta,
buti pa, O, Donya Juana,
hininga ko'y malagot na.
523
"Sukatin mo yaring hirap
nang sa iyo ay paghanap,
balong lihim ay di tatap
nilusong kong walang gulat.
524
"Hinamak ang kadiliman
at panganib na daratnan,
ngayong kita ay makita'y
sawi pa rin yaring buhay!
525
"A, ito ba'y aking palad?
Waring Ako'y inianak
na katali na ang hirap,
Ang ligaya'y mawakawak!
526
Sa lungkot ng panambitan,
si Donya Juana'y nalumbay
mga mata ay luhaang
itinindig si Don Juan.
527
At ang wikang buong suyo:
"Tanggapin mo yaring puso,
pusong iyan pag naglaho
nagtaksil ka sa pangako."

542
"Nang sa inyo ba'y umalis
nangako ka pang babalik?
nasayang ang panaginip,
dito kita ililigpit."
543
"Ayoko na'ng angay-angay,
lumaban ka kung lalaban!
Kung hangad mo yaring buhay,
Ikaw muna'ng mamamatay!"
544
Naglabanan ang dalawa
nagpaspasang parang sigwa;
sa tamaan ng sandata,
ang apoy ay bumubuga!
545
Sa mabuting kapalara't
sa Diyos na kalooban,
ang higante ay napatay
ng prinsipeng si Don Juan.
546
Nang patay na at sa lupa
ang higante ay tumutumba,
saka ganap na natuwa
si Donya Juanang mutya.
547
Wala na ang kanyang takot
at sa tinding pagkalugod
inaliw  ang kanyang irog
na sa laban ay napagod

562
"Ano't Ako'y masisindak
Kung ito ang aking palad?
Ipaglingkod yaring lakas
mahamak kung mapahamak
563
"Anong tamis ng mamatay
Kung tuwa ng minamahal!
Anong sakit ng mabuhay
Kung duwag na tuturingan.
564
"Huwag sanang maghilahil
May awa ang Inang Birhen
Sa magandang hangad natin
Tayo'y kaaawaan din."
565
Lumakad nang patuluyan
Puso'y walang agam-agam
Diyos ang tinatawagan
Sa daratning kapalaran.
566
Sa palasyo nang malapit
Bagong dilag ang sa titig
Bumihag nang labas-labis
Para siyang nanaginip!

## SI DONYA LEONORA AT ANG SERPIYENTE
## SAKNONG 567-650

567
Sa palasyo'y nakadungaw
si Leonora'y matimtiman
ang prinsipe, nang matanaw
biglang nagulumihanan.
568
Nabigla itong prinsesa
sa taong kanyang nakita,
si Don Jua'y napatanga
sa palasyong pagkaganda.

594
Nang tumagos na sa puso
Saka lamang napaghulong
Silang dati'y magkalayo
Sa sandali ay nabuo.
595
Nabuo at nang huwag nang
Paglayuin ng pagsinta;
Ang magtaksil sa kanila
Sa Diyos ay may parusa

623
Ang dalawa ay naglaban
Nagtagpo ang kapwa tapang
Subalit sa kaliksihan
Namayani si Don Juan
624
Kaya't hindi nga malingkis
Ang serp'yente'y madaraig,
Tuwing sila'y maglalapit
Ang espada'y parang lintik

569
Ang palasyo kung munti man
Ay malaking kayamanan,
Walang hindi gintong lantay
ang doon ay tititigan.
570
Palamuti sa bintana
palamuti'y isang mutya;
perlas, Rubing tila luha
ng langit sa abang lupa.
571
Sa gitna ng mga perlas
tala manding namanaag
si Leonorang pagkarilag
ang prinsipe'y napakurap!
572
Natikom ang kanyang bibig
dila ay parang nadikit
mga matang nakatitig
alitaptap na namitig!
573
Kaya lamang nakahuma
nang simulan ni Leonora:
"O, pangahas, sino ka ba,
at ano ang iyong pita?
574
"Aba, Palaba ng Buwan,
Tala sa madaling-araw,
hingi ko'y kapatawaran
sa aking kapangahasan.
575
"Sa mahal mong mga yakap
alipin mo akong tapat,
humahalik at ang hangad
maglingkod sa iyong dilag."
576
"Di mo baga nalalamang
Mapanganib iyong buhay;
Sa serp'yente kong matapang,
Walang salang mamamatay?"
577
"Mapanganib man ngang lubha
ano pa ang magagawa,
kung palad kong masaliwa
tanggapin ang pagkadusta.
578
"Hindi gaanong masaklap
na mapatay ng kalamas
sa akin ang dusa't hirap,
masawi sa iyong lingap.

596
Ito na nga ang bumasag
Katahimikang maluwat
Si Don Juan ay tinawag
Ni Leonorang marilag.
597
"Prinsipe, ikaw'y pumanhik
Dito na tayo magniig
buhay ko ma'y di marikit
Payapa't di maligalig.
598
Sa prinsipe ay nabuksan
Ang pinto ng kalangitan
Noon niya naramdamang
Hirap niy'y napalitan.
599
"Prinsesa kong pinopoon
Salamat sa pag-aampon
Mag-utos ka't umaayon
Itong lingkod mula ngayon.
600
"Unang ibig kong malaman
Kung pa'no mo natuklasan
Itong lihim kong tahanan
Sa liblib ng kabundukan
601
"Prinesa kong kasi't mutya,
Ang nangyari'y talinghaga
Hamak yaring aking dila
Na magsaysay ng himala
602
"Isang gabing kalaliman
Na Ako'y naghihimlay
Ginising ng panagimpang
Balong ito ay tinuran.
603
"Ito, anya, ay lakbayi't
Pagsikapan kong hanapin,
Magdusa mang sapin-sapin
May ligayang tatamuhin
604
"Narito raw yaong talang
Lunas sa aking dalita
Talang ito ay ikaw nga,
O Leonora kong mutya
605
"Pagka't lihim itong balon
Sinong taong sakdal dunong
Ang dito'y makatutulong
Kundi Diyos ang may ampon?

625
May sugat sa katawan
Sa ahas ay walang patlang
Patuloy rin sa paglaba't
Parang walang kapansanan.
626
Lalong nakapagtataka
Galing nitong dinadala
Ulong put'lin ng espada
Buhay ri't nasusugpong pa.
627
Kaya'y mahirap mapatay
Kahit sinong makalaban
Kung wala ring ka laruang
Engkantongmay kabagsikan.
628
Ibig-ibig nang masindak
Ni Don Juang walang gulat,
Pagkat't kung tingnan ang ahas
Nag-iibayo ang dahas.
629
Anhin man niyang malasin
Ahas na ibig patayin
May buhay na sapin-sapi't
Hindi yata makikitil.
630
Dito na siya tumawag
Sa Diyos, haring mataas,
Sa kalaban niyang ahas
Huwag nawang mapahamak.
631
Di man siya maigupo
Huwag siyang masiphayo
Na maubusan ng dugo't
Pagkatao'y maitayo.
632
Mataimtim palibhasa
Ang pagtawag kay Bathala,
Sindak niya ay nawala't
Katapangan ay lumubha.
633
Noon din ay naramdamang
Nawala ang kanyang pagal,
Para baga bago lamang
Sa ahas ay lumalaban.
634
Lalo niyang nakilalang
Ang Diyos ay nasa kanya
Nang hapuin ang kalaban
Hingi'y mamahinga muna.

579
“Ikaw baga’y nagbibiro
O Ako’y sinisiphayo?
hayo’t dito ay lumayo
taong lubhang mapaglako.
580
“Hindi kita kailangan
ni makita sa harapan
umalis ka’t manghinayang
sa makikitil mong buhay.
581
Ang prinsipe’y di tuminag
sa anyong kahabag-habag.
idinaing din ang hirap
ng pagsinta niyang tapat.
582
“Pinopoon kong Prinsesa,
galit mo po ay magbawa
kung Ako’y nagkasala
ito’y dahil sa pagsinta.
583
“Danga’t ako’y nagkapuso
na ginising ang pagsuyo
sa dilag mo’y kailan ko po
matanggap ang pagsiphayo?
584
“Labis-labis ang paggalang
sa iyo pong kamahalan
hingin man nga yaring buhay
sa galit mo po ay kulang.
585
“Gasino na yaring palad
na hamak na lalong hamak
kung may daan pang tumaas
nang sa iyo’y maging dapat.
586
“Sa iyong kapangyarihan
sino kaya ang susuway?
ngunit ang di ko malama’y
ang gagawin kong pagpanaw.
587
“Suwayin ang iyong nais,
Pinid sa akin ang langit;
lumayo sa iyong titig,
hininga ko’y mapapatid.
588
“Sa gipit kong kalagayang
walang hindi kabiguan
Ikaw na Prinsesang mahal
Ang magbigay kapasiyahan.”
606
“Sa Diyos na ngang talaga
Ang sa iyo’y pagkakita
Kaya,mabunying prinsesa,
Lunasan mo yaring dusa.
607
“A,Don Juan, di ko nais
Hamakin ka sa paghibik,
Kung sa iyo ma’y nagalit
Subok lamang ng pag-ibig.
608
“Sinubok ko nga lamang
Kung ang puso mo’y marangal
Ugali ng alinlanga’t
“Pipitasin ang bulaklak.
609
“Pagkat marami sa puso
Talusira sa pangako,
Sa pagsinta’y mapagbiro’t
Matuwaing sumiphayo.
610
“Pipitasin ang bulaklak
Sa tangkay na ang-iingat,
Mahal habang di pa kupas
Pagnalanta ay sa layak!
611
“Leonora kong minamahal
O buhay ng aking buhay,
Sa puso ko’t katauha’y
Wala ka nang kalantahan.
612
“Bulaklak ka ng pag-ibig,
Pabango sa aking dibdib,
Tuwing Ako’y mahahapis
Lunas na ang iyong titig .
613
“Sa pagtulog at paggising
Ikaw ang aking salamin
Mata ko ma’y mangulimlim
Liwanag mo’y iilawin.
614
“Kaya pawiin na, giliw ko
Alapaap sa puso mo,
Sa tibay ng iyong “oo”
Ikaw’y aki’t Ako’y iyo.”
615
Pag-uusap na matamis
Ng magsinta ay napatid
Nang umugong at yumanig
Lupa’t palasyong matarik.
635
Sa tagal ng tatlong oras
Na kanilang paglalamas,
Nakaramdam itong ahas
Sa katawan ay pulikat.
636
At kung di muna titigil
Lakas niya’y uubusin,
Anupa ang mararating
Kundi siya’y magupiling.
637
Si Don Juan ay umayon
Ang sandata’y isinalong
Ang ahas sa pagkatukol
Binayaang mahinahon.
638
Noon ay isang pagdungaw
Ni Leonorang nalulumbay
Magiliw na tinawagan
Ang prinsipe niyang mahal.
639
“Don Juan, tingna’t narito
Ang mabagsik na balsamo.
Na sa bawat isang ulong
Mapuputol, ibuhos mo.
640
“Ulong putol na maubusan
Ay hindi na mabubuhay
At siya nang pagkamatay
Ng serp’yenteng tampalasan.”
641
Nang makita ng serp’yente
Ang inabot ng prinsipe,
Naghilakbot ang sarili’t
Ang galit ay di masabi.
642
Pitong ulo’y itinaas
Mga mata’y Pinag-alab
Lingkisin ang kanyang hangad
Ang sa kanya ay nagsukab.
643
Sinalakay si Don Juan
Ito’y nakaiwas naman;
At sa muling lalabanan
Ang serp’yente’y nagulapay.
644
Sa ulod na walang puknat,
Tagamg iwinawasiwas
Isa-isang natitigpas
Mga ulo niyong ahas.

589
Itong mga huling hiling
kay Leonora nang marinig
nawala ang angking galit
pagsinta'y napasadibdib.
590
Sa matinding pagkaawa
ang puso ay lumuluhad
danga't hindi nahihiya
niyapos ang may dalita.
591
Lihim niyang pagkahabag
sa titig naipahayag
isang titig na malingap
na langit na ang pagliyag.
592
Saka masuyong lumapit
Sa prinsipeng nahahapis,
At ang wikang pagkatamis:
"Di rin ako nakatiis..."
593
Isang titig na mairog
matamis pa kaysa pulot,
nang tumama sa may lunos
sa puso nito tumagos.
616
Dumating na ang serp'yenteng
Kay Leonora'y may kandili
Kakila-kilabot ang laki,
Umuungal na mabuti.
617
Sa takot ni Leonora
Napasigaw kapagdaka:
"Ay, Don Juan, aking sinta,
Buhay nati'y paano na?"
618
Ang prinsipe'ydi umimik
Pinagbuti yaong tindig
Ang serp'yente'y sinisilip
Sa gagawing di matuwid
619
Sa hagdanan iyong ahas
Pati ulo'y nangagtaas,
Mga mata'y nandidilat
Tiyak na may hinahanap.
620
Pagalit na nagsalita:
"Dito ay amoy manusya,
Leonora, bakit kaya
May tao'y ikinakaila?"
621
Dinaluhong ng prinsipe
Ng espada ang serp'yente
Kasabay ang pagsasabing
"Ang buhay mo'y mapuputi.
622
Sagot ng serp'yente'y ito:
"Iyan ang hinahanap ko,
Magsisi ka at totoong
Makikitil ang buhay mo."
645
Anim na ang nangaputol
Katapanga'y nag-uulol
Kung dumamba'y umuugong
Daluhong din ng daluhong.
646
Malakas na nagsalita:
"Mag-ingat mga kuhila,
Sa galit ko't pagkadusa,
Magugunaw itong lupa.
647
"Di ko kayo huhumpayan
Hanggang di mangamatay,
Ang ulo ko, iisa man
Ako ang magtatagumpay."
648
Ngunit pagkasawing-palad.
Sumuko ang kanyang dahas;
Ulong isa ay natagpas:
Ang serp'yente ay nautas.
649
Sa ngayon ay inakyat na.
Ng prinsipe si Leonora,
"O, marikit na prinsesa,
Tapos na ang iyong dusa.
650
"Hala ka na aking giliw,
Balong ito ay lisanin
Bagong lupa ang tunguhing
Sa iyo'y makaaaliw."

## III. SANGGUNIAN

**Batayang Aklat sa Ibong Adarna**

## IV. MGA GAWAIN

**GAWAIN 1**

Maraming mga bagay ang naranasan ng pangunahing tauhan sa araling ito na maaaring naranasan din natin sa ating pang-araw-araw na buhay.

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat saknong sa ibaba at iugnay ito sa totoong pangyayari na iyong naranasan sa buhay sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa o isang sitwasyon.

| Saknong | Sariling Karanasan |
|---|---|
| 1.Noon niya napagsukat<br>ang sa tao palang palad<br>magtiwala ay mahirap<br>daan ng pagkapahamak. | ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |
| 2.Dito na siya tumawag<br>Sa Diyos, haring mataas,<br>Sa kalaban niyang ahas<br>Huwag nawang mapahamak | ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |
| 3.“Anuman ang kasapitan<br>Ito’y di ko uurungan<br>ang malaking kabiguan<br>ay bunga ng karuwagan. | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| 4. Sa matinding pagkaawa<br>ang puso ay lumuluhad<br>danga’t hindi nahihiya<br>niyapos ang may dalita. | ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |
| 5.“Ano’t Ako’y masisindak<br>Kung ito ang aking palad?<br>Ipaglingkod yaring lakas<br>mahamak kung mapahamak | ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |

**GAWAIN 2**

**Panuto:** Basahin ang mga hugot lines o mga makahulugang linya mula sa mga pelikulang Pilipino na pinanood sa telebisyon at tukuyin kung ano ang damdaming nais na ipabatid o ipahayag ng tauhan. Ipaliwanag ito sa ibinigay na espasyo sa loob ng kahon.

| **Hugot o Makahulugang Linya mula sa Pelikula** | **Damdaming Ipinapahayag** |
|---|---|
| *"Mahalin mo ako dahil mahal mo'ko, hindi dahil mahal kita."*<br><br>-Kathryn Bernardo<br>Barcelona A Love Untold (2016) | |
| *"Gusto kong sabihin na okay lang ang lahat e.Na hindi ako nasaktan. Kaso magsisinungaling ako sa sarili ko kasi ang sakit-sakit."*<br><br>-Nadine Lustre<br>Para sa Hopeless Romantic(2015) | |
| *"I was willing to wait , kaya lang napagod ako-napagod ang puso ko na maghintay, magtanong, magalit."*<br><br>-Piolo Pascual<br>Starting Over Again (2014) | |
| *"Am I not enough? May kulang ba sa akin? Pangit ba ako? Pangit ba ang katawan ko? Kapalit-palit ba ako?"*<br><br>-Liza Soberano<br>My Ex and Whys (2017) | |
| *"Ganoon naman talaga, 'diba? Kapag nagmahal ka, it is all or nothing .Kasi kung hindi, bakit ka pa nagmahal?"*<br><br>-Alden Richards<br>Hello Love Goodbye (2019) | |

**GAWAIN 3**

**Panuto**: Bawat isa sa atin ay may kaniya-kaniyang paboritong pelikula at palabas sa telebisyon na ating sinusubaybayan. Ngayon ay pumili ka ng isang pelikula o palabas sa telebisyon na iyong napanood o gustong panoorin na ang paksa ay may kaugnayan sa pag-ibig na naaangkop sa iyong edad. Suriin kung ano ang damdaming namayani sa mga tauhan at pagkatapos ay sagutan ang mga katanungang ibinigay sa ibaba.

Pamagat: ________________________________________

1. Ano-ano ang damdaming namayani sa mga tauhan sa pinanood pelikula/teleseryeng pinanood?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

2. Nasalamin ba sa palabas ang tungkol sa matamis o mapatit na mukha ng pag-ibig? Paano?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

3. Matapos mong makilala ang iba't ibang mukha at damdaming kaugnay ng pag-ibig, gugustuhin mo pa rin bang umibig? Bakit?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

4. Paano makikilala ang wagas na pag-ibig na ipinapakita ng isang tao? Ano-ano ang mga maaaring magpatunay nito?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

5. Bumuo ng sarili mong hugot line o matinding pagpapahayag ng damdamin na maiuugnay mo sa buhay at pag-ibig.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## V. REPLEKSIYON

Sa bahaging ito ng koridong Ibong Adarna ay natutuhan ko ang mahahalagang bagay katulad ng sumusunod:

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## VI. SUSI SA PAGWAWASTO:

*Gawain 1*
*Ang sagot ay naaayon sa sariling karanasan ng mag-aaral.*

*Gawain 2*
*Ang sagot ay nakadepende sa sariling opinyon ng mag-aaral.*

*Gawain 3*
*Ang sagot ay naaayon sa sariling opinyon at damdamin ng mag-aaral.*